## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Kumusta ka sa araw na ito? Minsan ba ay nagtataka ka kung bakit may mga taong kailangang magsulat, samantalang mas madali ang magsalita? Kung maaari nga lamang na palaging makapagsalita, marahil ay hindi mo nga kailangang isulat kung ano ang iyong naiisip at nararamdaman. Subalit, hindi sa lahat ng pagkakataon ay maari kang makapagsalita. Isipin mo ang mga ganitong sitwasyon:

Lumipat sa ibang lalawigan ang iyong mabuting kaibigan. Maaari mo siyang tawagan sa telepono ngunit napakamahal nito. Mabigat na gastusin kung tatawagan mo siya araw-araw upang batiin at kumustahin. Makapag-iisip ka ba ng iba pang paraan upang kumustahin ang iyong kaibigan?

O kaya naman, nakiusap sa iyo ang inyong lokal na opisyal pangkalusugan na ipaabot ang kanyang mensahe sa Kapitan ng Barangay. Maipaaabot mo kaya ang lahat ng mahahalagang detalye sa kanya? Makasisiguro ka bang wala kang malilimutan? Makapag-iisip ka ba ng mabuting paraan upang maipaabot ang mensahe nang tama at mabisa?

Naranasan mo na ba ang mga nabanggit na sitwasyon sa iyong buhay? Ang mga sitwasyong ito ang nagpapakita ng pangangailangang sumulat. Tulad ng nakita mo, hindi ka maaaring makapagsalita sa lahat ng oras. Kailangan mo ring magsulat upang makipagtalastasan sa iba kung di mo man sila makausap nang harapan.

May tatlong aralin sa modyul na ito:

Aralin 1 – *Malinaw ba ang Mensahe?*

Aralin 2 – *Kilala Mo ba Ako?*

Aralin 3 – *Mahal kong . . .*



## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Sa ngayon, mayroon ka na sigurong nalalaman tungkol sa mga pangungusap, di ba? Ginagamit ang mga pangungusap upang ipahayag sa ibang tao kung ano ang iyong iniisip o nararamdaman. Sa modyul na ito, gagamitin ang iba't ibang uri ng pangungusap na iyong natutuhan. Gagamitin mo ang mga pangungusap sa pagsusulat ng mga liham at mga maiikling mensahe. Matututuhan mo din kung paano sumulat ng mga mabibisang talata.

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang kaya mo nang:

- makasulat ng maikling mensahe gamit ang mga simpleng pangungusap;
- makapaghambing ng mga tambalang pangungusap na gumagamit ng mga panghalip (*pronouns*) at mga pangatnig (*conjunctions*);
- magpaliwanag ng mga talatang may kaisahan (*well-organized*), at alinsunod sa tamang balarila (*grammatically correct*) na gumagamit ng tamang bantas (*punctuation*), malalaking titik (*capitalization*) at pagbaybay (*spelling*);
- makasulat ng isang maikling talata tungkol sa sarili; at
- makagawa ng isang maikling liham.


Handa ka na bang magsimula? Tuklasin mo muna kung anu-ano na ang nalalaman mo tungkol sa paksang ito. Gawin ang pagsasanay sa susunod na pahina.



# Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bakit hindi mo tingnan kung ano na ang iyong nalalaman tungkol sa pagsulat ng liham. Subukan mong gawin ang sumusunod na pagsasanay:

A. Sumulat ng kawili-wiling pangungusap tungkol sa bawat larawang nasa ibaba. Tingnan ang pangungusap sa tapat ng unang larawan bilang halimbawa.





1. Gusaling Pambarangay
   Ito ang aming gusaling pambarangay.


   <u>Dito ginaganap ang mga pulong pambarangay</u>.

2. Nars
   Ito ang aming nars sa sentrong pangkalusugan.

   ___________________________

   ___________________________





3. Mag-anak
   Ito ang aming mag-anak.


   ___________________________


   ___________________________

4. Bukid
   Ito ang aming bukid.

   ______________________________

   ______________________________






5. Sentrong Pangkalusugan
   Ito ang aming sentrong pangkalusugan.

   ______________________________


   ______________________________

B. Pag-aralan ang sumusunod na mga larawan at tingnan ang mga katapat na pangungusap. Salungguhitan ang angkop na salita o pangkat ng mga salita (parirala) sa loob ng panaklong (________) upang mabuo ang tamang pangungusap.



1. (Ang, Ang mga) batang lalaki ay naglalaro ng *football*. (Siya, Sila) ay nagkakatuwaan.

2. Habang sila ay naglalaro (ang kalabaw, ang dalawang kalabaw) ay biglang (pumasok, nakapasok) sa kanilang palaruan. (Ang batang lalaki, Ang mga batang lalaki) ay nangabigla.






3. (Siya, Sila) ay huminto sa kanilang paglalaro. Kumuha sila ng patpat (dahil, upang) kanilang itaboy palayo ang kalabaw. Ang kalabaw ay (pumasok, umalis) kaagad.

4. Ang mga bata ay nagpatuloy sa (kanyang, kanilang) paglalaro.





5. Pagkatapos maglaro, (siyang, silang ) lahat ay nagtungo sa ilog upang lumangoy.

C. Basahin ang talata sa ibaba:

| |
|---|
| *Si Jose Reyes, Jr. ay nasa Ikalimang Baitang, Seksyon 3. Nag-aaral siya sa Mababang Paaralan ng Porac sa Brgy. Porac, Botolan, Zambales. Ang kanyang guro ay si Gng. Elvie Manimbo. Kahapon, lumiban sa klase si Jose dahil sumakit ang kanyang tiyan.* |

Ipagpalagay mong si Jose ay iyong anak. Kailangan mong sumulat ng liham sa paghingi ng paumanhin (*excuse letter*) para sa kanya. Lagyan ng tamang impormasyon ang mga puwang sa ibaba upang mabuo ang iyong liham. Matatagpuan ang mga kailangan mong detalye sa binasa mong talata sa itaas. Para sa hinihinging petsa, gamitin ang petsa ngayong araw ng iyong pagsusulat.

____________________
(tirahan)

____________________
(petsa)

________________________________
(pangalan ng guro)

________________________________
(baitang at seksyon)

________________________________
(pangalan ng paaralan)

________________________________
(bayan at lalawigan)

Minamahal na Bb./Gng./G. _________

_____________________________________________________

_________________________________________________________

_________________________________________________________

Lubos na gumagalang,

_______________________
(pangalan at lagda ng magulang)

D. Sumulat ng maikling liham para sa isang kaibigang hindi mo nakita sa loob ng mahabang panahon. Banggitin sa iyong liham ang ilang mga bagong kabatiran o impormasyon tungkol sa iyong sarili na maaaring hindi pa niya alam. Isulat mo din ang tungkol sa mga kasiya-siyang karanasan na kailan lamang nangyari.

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

Kumusta ang pagsasanay? Sa tingin mo ba ay nagawa mo ito nang mabuti? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 44–45.

Kung tama ang lahat ng iyong sagot, napakagaling! Ito ay nagpapakitang marami ka nang nalalaman tungkol sa paksa ng modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul na ito bilang pagbabalik-aral sa mga nalalaman mo na. Sinong makapagsasabi, baka sakaling may bago kang matutuhan mula rito.

Kung mababa ang iyong iskor huwag mabahala. Para sa iyo ang modyul na ito. Makatutulong ito sa iyo upang maintindihan ang ilang mahahalagang konsepto na maaari mong gamitin sa pang-araw-araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, matututuhan mo ang mga sagot sa pagsusulit at marami pang iba! Handa ka na ba?

Buksan ang susunod na pahina upang simulan ang Aralin 1.

# Aralin 1

# Malinaw ba ang Mensahe?




Naranasan mo na ba ito? Maaaring nakalimutan ng taong hinihintay mo na magkikita kayo.

Ano ang dapat mong gawin upang hindi ito mangyari?


Maaaring sumulat ka ng isang maikling mensahe upang tulungan kayong matandaan ito. Madali itong isulat at hindi kinakailangang mahaba ang mensahe. Ito'y nararapat na madaling basahin. Sa ganitong paraan, ikaw at ang iyong kausap ay hindi makalilimot tungkol sa inyong pagkikita.


Sa araling ito, matututunan mo ang kahalagahan ng pagsusulat ng maikling mensahe. Matapos pag-aralan ang araling ito, inaasahang kaya mo nang:


- maipaliwanag ang mabisang paraan ng pagsusulat ng maikling mensahe;
- matukoy ang mga bagay na nararapat tandaan kung magsusulat ng maikling mensahe; at
- makasulat ng maikling mensahe.


# Basahin Natin Ito

Basahin ang sumusunod na pag-uusap nina Victor at Ramon.




Umalis na ng bahay sina Ramon at Victor. Habang sila'y naglalakad papalayo, biglang naalala ni Ramon na kailangan niyang ipaalam sa kanyang nanay kung saan siya pupunta.
Sandali lang, Victor. Kailangan kong ipaalam kay Nanay kung saan ako pupunta. Mag-iiwan ako ng mensahe sa kanya.


Idinikit ni Ramon ang papel na naglalaman ng kanyang maikling mensahe sa pintuan ng kanilang bahay.
Makaaalis na tayo ngayon. Kapag nabasa ni Nanay ang aking mensahe, malalaman niya kung nasaan ako.


Narito ang mensahe ni Ramon:
Nanay,
Kami ni Victor ay kakain ng halo-halo sa tindahan ni Marie. Nasa bahay na ako sa ganap na ika-4 ng hapon.
Ramon

Anong masasabi mo sa mensahe ni Ramon? Kung ikaw ang nanay ni Ramon, malalaman mo ba kung nasaan si Ramon? Malalaman mo rin ba kung ano ang kanyang ginagawa at anong oras siya babalik?



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Muling basahin ang mensahe ni Ramon para sa kanyang nanay. Ilang pangungusap ang kanyang isinulat? Malinaw ba ang mga pangungusap na isinulat ni Ramon? Madali bang maintindihan ang kanyang mensahe?


Nasa ibaba ang mensaheng isinulat ni Ramon. Bilugan ang mga salitang nagsasabi kung sino ang tinutukoy ng pangungusap. Salungguhitan naman ang mga salitang nagpapaliwanag tungkol sa taong tinutukoy (Halimbawa: ano ang ginagawa ng tao o kaya'y saan pupunta ang tao).

*Nanay,*

*Kami ni Victor ay kakain ng halo-halo sa tindahan ni Marie. Nasa bahay na ako sa ganap na ika-4 ng hapon.*

*Ramon*

Nais mo bang malaman kung tama ang iyong mga sagot? Ipagpatuloy ang pagbabasa upang matuklasan.



## Alamin Natin

Tingnan nating mabuti ang mensahe ni Ramon. Kung ito ay mabisa, masasagot mo ang sumusunod na katanungan sa pamamagitan ng pag-aaral nang mabuti sa sulat ni Ramon.

**Sino/sinu-sino ang tinutukoy o paksa ng mensahe?**

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

(Ang paksa o tinutukoy ng mensahe ni Ramon ay *siya at si Victor*.)

**Ano ang gagawin nina Victor at Ramon?**

________________________________________________________

________________________________________________________

(Sila *ay kakain ng halo-halo*.)

**Saan sila kakain ng halo-halo?**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

(Sina Victor at Ramon ay kakain ng halo-halo *sa tindahan ni Marie*.)

**Kailan babalik si Ramon?**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

(Si Ramon ay nasa bahay na *sa ganap na ika-4 ng hapon*.)

**Para kanino ang mensaheng nakasulat?**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

(Ang sulat ni Ramon ay *para sa kanyang Nanay*.)


**Mula kanino ang mensahe?/ Sino ang sumulat ng mensahe?**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

(Ang mensahe ay isinulat ni *Ramon*.)

Pag-aralan nating muli ang mensahe ni Ramon. Tingnan ang dayagram sa ibaba:




Natukoy mo ba kung sino ang paksa o pinag-uusapan sa mensahe ni Ramon? Natukoy mo rin ba kung ano ang kanilang gagawin at saan sila pupunta? Dito ay ipinakita sa iyo kung paano sumulat ng mensahe na malinaw at madaling basahin.

## Tandaan Natin

Ang paalala o mensahe ay binubuo ng mga pangungusap. Ang mga pangungusap ay nararapat na sasagot sa apat na katanungan:

| | |
|---|---|
| **Sino?** | **Ano?** |
| **Saan?** | **Kailan?** |

***Sino?*** – Ito ay tumutukoy sa tao o mga tao, at maaaring sa iyong sarili.

***Ano?*** – Ito ay tumutukoy sa kung ano ang gagawin o ginawa mo at ng ibang tao.

***Saan?*** – Ito ay tumutukoy sa lugar na pangyayarihan o pinangyarihan.

***Kailan?*** – Ito ay tumutukoy sa petsa o oras kung kailan mangyayari o nangyari ang gagawin.

Nararapat din na malinaw kung **para kanino** ang mensahe at kung kanino nagmula o kung **sino** ang nagsulat ng mensahe.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Basahin ang sitwasyon sa ibaba. Pag-aralang mabuti ang mensahe, pagkatapos ay sagutin ang mga katanungan.

**Emerhensiya o Biglaang Pangangailangan**

*Si Susan at ang kanyang nakababatang kapatid na lalaking si Pepe, ay naiwan sa bahay. Nagbabasa si Susan ng pahayagan sa kanilang sala habang si Pepe ay naglalarong mag-isa. Hindi nakita ni Susan na umakyat sa upuan si Pepe at pagkatapos ay lumukso. Nahulog si Pepe at tumama ang ulo sa sahig. Nagsimulang dumugo ang kanyang ulo. Humingi ng tulong si Susan sa kanilang kapitbahay upang dalhin si Pepe sa pagamutan. Alam niya na ang kanyang nanay ay malapit nang umuwi, at naisip niyang mag-iwan ng mensahe para sa kanyang ina.*

Narito ang mensaheng isinulat ni Susan:

*4:30 n.h.*

*Nanay,*

*Nahulog po si Pepe sa silya at dumurugo ang kanyang ulo. Pupunta kami sa bayan upang dalhin siya sa Capitol General Hospital.*

*Pakiusap, sumunod po kayo sa amin.*

*Susan*

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. **Sino/ Sinu-sino** ang paksa ng mensahe?

   ________________________________________________

2. **Ano** ang nangyari?

   ________________________________________________

3. **Kailan** ito nangyari?

   ________________________________________________

4. **Saan** dinala si Pepe?

   ________________________________________________

5. **Para kanino** ang mensahe?

   ________________________________________________

6. **Mula kanino** ang mensahe?

   ________________________________________________

7. Ilang pangungusap ang ginamit?

   ________________________________________________

8. Malinaw ba ang mensahe?

   ________________________________________________

B. Ngayon naman ang iyong pagkakataon upang sumulat ng mensahe. Ipagpalagay mo na ikaw at ang iyong kaibigan ay dadalo sa isang pagdiriwang ng kaarawan. Ang pagdiriwang ay gaganapin sa ganap na ika-3 ng hapon sa bahay ni Fely. Sumulat ka ng mensahe para sa iyong kaibigan upang ipaalala sa kanya ang inyong plano.

| |
|---|
| ________________ |
| ________________ |
| ______________________________________________ |
| ______________________________________________ |
| ______________________________________________ |
| ________________ |

Basahing muli ang iyong mensahe. Pagkatapos ay sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ang mensahe mo ba ay sumasagot sa sumusunod na katanungan?

   a. Tungkol kanino ang paksa ng mensahe? Oo ____ Hindi ____
   b. Ano ang gagawin niya? Oo ____ Hindi ____
   c. Saan ito mangyayari? Oo ____ Hindi ____
   d. Anong oras ito mangyayari? Oo ____ Hindi ____

2. Gumamit ka ba ng mga buong pangungusap? Oo ____ Hindi ____

3. Isinulat mo ba kung para kanino ang mensahe? Oo ____ Hindi ____

4. Nilagdaan mo ba ang iyong mensahe? Oo ____ Hindi ____

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 46–47.



## Tandaan Natin

Sa pagsusulat ng maikling mensahe para sa isang tao, mahalagang ibigay sa kanya ang impormasyong kinakailangan upang maintindihan ang mensahe. Isipin ang isang balita na hindi nagbanggit kung kailan naganap ang isang pangyayari? Hindi ka ba malilito tungkol sa balita? Hindi mo malalaman kung ang balita ay naganap kahapon o sampung taon na ang nakararaan. Isipin mo ang isang balita tungkol sa sunog na hindi nagbanggit kung saan ito nangyari. Hindi ka kaya mag-isip kung saan ang sunog? Maaari kang mag-alala para sa iyong mga kamag-anak sapagkat hindi mo masiguro kung saan nangyari ang sunog.

Tuwing ikaw ay magsusulat ng maikling mensahe, palaging tanungin sa sarili ang sumusunod:

**Sino** ang aking paksa o tungkol kanino ang aking sasabihin?

**Ano** ang ginawa o gagawin ng aking paksa?

**Saan** nangyari o mangyayari ito?

**Kailan** nangyari o mangyayari ito?

Gayun din, huwag kalimutang isulat ang pangalan ng taong babasa ng iyong mensahe (**para kanino**). Nararapat mo ding tandaan na lagdaan ang iyong mensahe. Sa ganitong paraan, malalaman ng taong bumabasa ng iyong mensahe kung sino ang sumulat nito (**mula kanino**).



## Subukan Natin Ito

Narito ang ilan pang mga gawain bilang pagsasanay sa iyong pagsusulat ng mensahe:

A. Mahuhuli ka ng pagdating sa pulong ng barangay. Kung maglalakad ka, tiyak na mahuhuli ka subalit kung gagamitin mo ang bisikleta ng iyong Kuya, makadarating ka sa pulong sa takdang oras. Kung dadalahin mo ang bisikleta ng Kuya mo, maaaring magalit siya sa iyo. Napagpasyahan mong mag-iwan ng mensahe upang ipaalam sa kanya na hiniram mo ang kanyang bisikleta.

   Bago mo isulat ang mensahe, isipin muna kung ano ang iyong sasabihin. Tiyakin mong mailahad ang lahat ng impormasyon.

Tandaan ang mga tanong na: *sino, ano, kailan,* at *saan*, gayun din naman ang *para kanino* at *mula kanino* ang mensahe.

____________

Mahal na Kuya Jose,

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

_______________

B. Sa pagsasanay na ito ay maaari kang maging higit na malikhain. Sumulat ng mensahe na nagpapaalala sa iyong kaibigan na kayo ay magkikita pagkatapos ng isang pangyayari o pagdiriwang na pareho ninyong dadaluhan. Tandaang ibigay sa iyong kaibigan ang lahat ng impormasyon na kanyang kailangan upang maintindihan ang iyong mensahe.

_______________

_________________,

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

_____________________

Tiniyak mo ba ang sumusunod:

1. Isinulat mo ba kung para kanino ang mensahe?

2. Nilagdaan mo ba ang iyong mensahe?

3. Malinaw ba ang iyong mensahe?

Ihambing ang inyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 47–48.

## Tandaan Natin


Sa araling ito ay natutuhan mo kung paano sumulat ng maikling mensahe. Natutuhan mo rin ang halaga ng pagsulat ng malinaw at mabisang mensahe. Kung hindi mailalahad ang nararapat na impormasyon, hindi maiintindihan ng taong nagbabasa ng iyong mensahe kung ano ang nais mong ipakahulugan o ipabatid.

Sa pagsusulat ng maikling mensahe, natutuhan mo na nararapat sagutin ng iyong mensahe ang mga tanong na: *sino*, *ano*, *kailan*, at *saan*. Ito rin ay nararapat sumagot sa mga tanong na: *para kanino* at *mula kanino* ang mensahe. Kung sumasagot ang iyong mensahe sa mga nabanggit na tanong, makatitiyak ka na malinaw ang pagkakasulat mo nito.

# ARALIN 2

# Kilala Mo ba Ako?

Ikaw ay nasa Munisipyo upang kumuha ng ilang dokumento. Bago ibigay sa iyo ng mga tao sa tanggapan ang mga dokumento, kailangan mo munang magpakita ng identification card (ID). Ipinakita mo sa kanila ang iyong ID subalit ayaw nila itong tanggapin sapagkat kulang ang mga nakasaad na impormasyon.



Nangyari na ba ito sa iyo? O, marahil ay kinailangan mong magsulat sa isang papel na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa iyong sarili. Siguro ay naranasan mo na ring ipakilala ang iyong sarili sa ibang tao.


Sa araling ito, matututuhan mo kung paano ipakilala nang maayos ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagsusulat tungkol sa sarili. Pagkatapos ng araling ito, inaasahang kaya mo nang:

- makapagbigay ng mga mahahalagang impormasyon kapag ipinakikilala ang sarili;
- makapagsulat ng mga magkakaugnay na pangungusap upang makabuo ng isang talata; at
- makapagsulat ng isang talatang naglalaman ng impormasyon tungkol sa sarili.

Handa ka na bang magsimula?

## Subukan Natin Ito

Sa ibaba ay isang halimbawa ng isang ID:





Mayroon ka bang sariling ID o tarheta ng pagkakakilanlan? Tingnan ang iyong ID at ihambing ito sa nasa itaas. Kung wala kang ID subukang humiram sa kakilala mong mayroon nito. Tingnan ang mga impormasyong makikita sa dalawang ID. Isulat ang mga ito kung nais mo.

Isipin ang mga pagkakataong ginamit mo ang iyong ID. Para sa anong layunin mo ito ginamit? Bakit ito mahalaga?



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

A. Nakalarawan sa ibaba ang isang halimbawa ng ID ni Dr. Rodrigo Badayos. Ang impormasyon nakasaad sa ID ay kulang. Pag-aralan ang ID at isulat ang mga impormasyong hindi nakalahad.



Pangalan: ______________________

Propesyon: ______________________

Lugar ng Kapanganakan: *Calamba, Laguna*

Petsa ng Kapanganakan: *Nobyembre 12, 1948*

Kulay ng Buhok: *Itim*

Taas: *5'7"*

Tirahan: *Los Baños, Laguna*

Katayuang Sibil: *May asawa*

Bilang ng mga Anak: ______________

Kung iyong napansin, may ilang mga nawawalang impormasyon sa Identification card o ID.

B. Ngayon, basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Gamitin ang mga detalyeng nakasaad upang buuin ang ID sa itaas. Gamitin naman ang mga detalyeng nakasaad sa ID upang buuin ang ilang mga pangungusap sa ibaba. (Para sa pangungusap (3), ipagpalagay na ang kasalukuyang taon ay 2001).

1. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay isang dalubhasa sa lupa.
2. Ang taas ni Dr. Rodrigo B. Badayos ay ____________.
3. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay ________ na taong gulang.
4. Ang buhok ni Dr. Rodrigo B. Badayos ay kulay _________.
5. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay nakatira sa __________________.
6. Ang ID ni Dr. Rodrigo B. Badayos ay nagsasaad na ang kanyang katayuang sibil ay ___________.

7. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay may tatlong anak na lalaki.


Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 48–49.

Nahanap mo ba ang mga kailangang impormasyon upang buuin ang ID at ang mga pangungusap? Kung nabuo mo nang tama ang mga ito, napakagaling!

Tingnan ang mga pangungusap na binuo mo sa itaas. Ngayon, maglaan ng ilang sandali upang isulat ang mga ito sa isang talata. Kapag tapos ka na, basahin nang malakas ang iyong talata. Maaaring tulad nito ang nabuo mong talata:

*Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay isang dalubhasa sa lupa. Ang taas ni Dr. Rodrigo B. Badayos ay 5’7”. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay 53 taong gulang. Ang kulay ng buhok ni Dr. Rodrigo B. Badayos ay itim. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay nakatira sa Los Banos, Laguna. Ang ID ni Dr. Rodrigo B. Badayos ay nagsasaad na ang kanyang katayuang sibil ay may asawa. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay may tatlong anak na lalaki.*

Ano ang dating ng iyong talata habang binabasa mo ito nang malakas? Ilang beses ka huminto? Ilang ulit mo binigkas ang pangalang Dr. Rodrigo B. Badayos? Sa tingin mo ba’y may mas mabuting paraan ng pagsulat ng talatang ito? Kung naiisip mong mayroon, tama ka! Mayroon pang mas mabuting paraan upang isulat ang iyong talata. Tuklasin natin kung paano!



## Alamin Natin

Sa nakaraang pagsasanay, hiniling sa iyong buuin ang ilang mga pangungusap. Sa ganitong kaayusan ng mga pangungusap, ang mga ito’y hindi kaagad makabubuo ng talata. Gayunman, magagamit ang mga ito upang bumuo ng isang talata. Paano mo gagawin ito? Ipagpatuloy ang pagbabasa at tuklasin.

Ating balik-aralan ang mga nalalaman mo tungkol sa mga pangungusap.

Ang pangungusap ay binubuo ng **simuno** at **panaguri**. Ang *simuno* ay maaaring tao, lugar o bagay. Ang pangngalan ay ginagamit para sa simuno. Ang *panaguri* ang naglalahad sa atin ng anumang tungkol sa tao, lugar o bagay. Binubuo ito ng pandiwa na naglalahad sa atin ng anuman tungkol sa pangngalan.

Tingnan ang halimbawa sa ibaba. Natatandaan mo ba ang liham ni Ramon sa kanyang nanay?

*Kami ni Victor* — **Simuno (pangngalan)**

*ay pupunta sa tindahan ni Marie upang kumain ng halo-halo.* — **Panaguri**

Heto pa ang isang halimbawa. Ito ay mula sa liham ni Susan sa kanyang nanay.

*Si Pepe* — **Simuno (at panghalip)**

*ay nahulog mula sa silya at dumurugo ang kanyang ulo.* — **Panaguri**

Ngayon ay tingnan natin ang mga pangungusap tungkol kay Dr. Rodrigo B. Badayos. Subukan nating tukuyin ang simuno at panaguri.

*Si Dr. Rodrigo B. Badayos* — **Simuno (pangngalan)**

*ay isang dalubhasa sa lupa.* — **Panaguri**

Naalala mo na ba? Sa ngayon marahil ay sabik ka nang matuto kung paano isusulat ang iyong talata sa paraang mas madaling basahin. Narito ang ilan pang mga bagay na kailangan mong malaman bago ka magsimula:

1. Maaari mong ipalit ang **panghalip** sa pangngalan.

   Kapag sumusulat ka ng maraming pangungusap na may parehong simuno o paksa, maaari mong ihalili ang panghalip sa pangngalan. Ang panghalip ay mga salitang ginagamit kahalili ng pangngalan upang hindi mo isulat nang paulit-ulit ang pangngalan. Ang ilang mga halimbawa ay: *siya*, *sila*, *ako* at *tayo*. Kaya sa ating talata tungkol kay Dr. Rodrigo B. Badayos, maaari nating palitan ang pangngalan (Dr. Rodrigo B. Badayos) ng panghalip upang mas magandang pakinggan ang talata kung ito ay babasahin.

Subukan nating pag-ugnayin ang sumusunod na pangungusap sa pamamagitan ng paggamit ng panghalip:

a. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay isang dalubhasa sa lupa.

b. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay 5 talampakan at 7 pulgada ang taas.

Tingnan ang pinag-ugnay na mga pangungusap sa pamamagitan ng panghalip:

*Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay isang dalubhasa sa lupa. Siya ay 5 talampakan at 7 pulgada ang taas.*

A. Ngayon, maaari mo nang subukang mag-ugnay-ugnay ng mga pangungusap. Pag-ugnayin ang mga pangungusap sa ibaba. Gamitin ang mga panghalip bilang panghalili sa muling pagsusulat ng pangngalan.

a. Si Mang Jose ay isang kartero. Si Mang Jose ay 40 taong gulang.

______________________________________________

b. Si Lita ay mula sa Pampanga. Si Lita ay 14 na taong gulang.

______________________________________________

c. Si Aling Maria ay asawa ng magsasaka. Si Aling Maria ay nakatira sa Davao.

______________________________________________

Paano mo ginawa? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 49.

2. Maaari mong pagsamahin ang mga pangungusap sa pamamagitan ng paggamit ng mga **pangatnig** o **pang-ugnay**.

Sa halip na isulat ang dalawang pangungusap, maaari kang gumamit ng pangatnig upang pagsamahin ang mga ito sa isang pangungusap. Sa paggamit ng pangatnig, hindi mo na kailangang isulat pang muli ang pangngalan ng ikalawang pangungusap. Ilan sa mga halimbawa ng pangatnig ay: *at*, *subalit* at *o kaya*.

Subukan nating pagsamahin ang sumusunod na pangungusap sa pamamagitan ng paggamit ng mga pangatnig:

a. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay 5 talampakan at 7 pulgada ang taas.

b. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay 53 taong gulang.

| |
|---|
| *Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay 5 talampakan at 7 pulgada ang taas at 53 taong gulang.* |

Tingnan ang pinagsamang pangungusap sa pamamagitan ng pangatnig. Kapansin-pansin na ang pangngalan sa ikalawang pangungusap ay hindi nakasulat sa halip ay napalitan ito ng pangatnig na “at”.

Sa ibaba ay may isang halimbawa ng pangungusap na ginamitan ng pangatnig na “*subalit*”. Ang dalawang pangungusap na pinagsama ay:

Si Benny ay gustong pumunta sa piyesta.

Si Benny ay hindi makabangon sa higaan sapagkat siya ay may karamdaman.

Heto ang pinagsamang pangungusap:

| |
|---|
| *Si Benny ay gustong pumunta sa piyesta subalit hindi siya makabangon sa higaan sapagkat siya ay may karamdaman.* |

Sa ibaba ay isang halimbawa ng pangungusap ng ginamitan ng pangatnig na “*o kaya*”. Ang dalawang pangungusap na pinagsama ay:

Si Geraldine ay maaaring makiusap kay Dianne upang siya’y samahan.

Si Geraldine ay maaari ding makiusap kay Jill upang siya’y samahan.

Narito ang pinagsamang pangungusap:

| |
|---|
| *Si Geraldine ay maaaring makiusap kay Dianne o kaya’y kay Jill upang siya’y samahan.* |

B. Ngayon, subukan mong pagsamahin ang mga pangungusap. Pagsamahin ang mga pangungusap sa ibaba sa pamamagitan ng pangatnig na *at*.

a. Si Gng. Rosa Cruz ay isang guro. Si Gng. Rosa Cruz ay may dalawang anak.

______________________________________________

b. Si Pina ay matulungin. Si Pina ay masipag.

______________________________________________

k. Si Israel ay 35 taong gulang. Si Israel ay 5 talampakan at 7 pulgada ang taas.

______________________________________________

Paano mo ginawa? Maaari mong ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 49.



## Subukan Natin Ito

Tandaan na sumusubok kang sumulat ng isang talata. Nasimulan mo na ang pagsulat ng iyong talata tungkol kay Dr. Rodrigo B. Badayos. Ang unang tatlong pangungusap ng iyong talata ay isinulat na para sa iyo.

*Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay isang dalubhasa sa lupa. Siya ay 5 talampakan at 7 pulgada ang taas at 53 taong gulang. Siya ay may itim na buhok.*

Ipagpatuloy ang pagsusulat ng talata sa pamamagitan ng mga pangungusap sa ibaba. Gamitin ang mga panghalip upang palitan ang mga pangngalan. Ang mga pangungusap na ito ang magiging ikaapat at ikalimang pangungusap ng iyong talata.

a. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay nakatira sa Los Banos, Laguna.

b. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay may asawa.

> *Siya ay nakatira sa Los Banos, Laguna. Siya ay may asawa.*

Ngayon naman, pagsamahin ang ikalimang pangungusap at ang pangungusap (b) sa ibaba. Gamiting pangatnig na *at*.

a. Siya ay may asawa.

b. Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay may tatlong anak na lalaki.

> *Siya ay may asawa at tatlong anak na lalaki.*

Ngayon ay maaari mo nang buuin ang talata mula sa mga pangungusap sa loob ng kahon sa itaas!

Ang iyong talata ay magiging katulad nito:

> *Si Dr. Rodrigo B. Badayos ay isang dalubhasa sa lupa. Siya ay 5 talampakan at 7 pulgada ang taas at 53 taong gulang. Siya ay may itim na buhok. Siya ay nakatira sa Los Banos, Laguna. Siya ay may asawa at tatlong anak na lalaki.*

Basahin nang malakas ang talata. Maganda bang pakinggan? Basahin ang talata sa unang pagsasanay at pagkatapos ay basahin ang talata sa itaas. Alin ang mas magandang pakinggan?

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sumulat ng maikling talata tungkol sa isang kapamilya o kaibigan. Maari mo siyang ilarawan at isulat ang kanyang hitsura, mga kinagigiliwan niyang gawain at iba pang bagay na kaakit-akit tungkol sa kanya. Gawing madaling basahin ang talata sa pamamagitan ng paggamit ng mga panghalip at pangatnig. Kung nais mo, puwede mong isulat ang bawat pangungusap at pagkatapos ay pagsamahin ang mga ito upang makabuo ng isang talatang madaling basahin.

Heto ang halimbawa ng isang talata tungkol kay Paolo Briones:

*Si Paolo Briones ay dating taga–San Fernando, Pampanga, subalit siya ay nagpasyang manirahan dito sa Isabela. Siya ay listo at masayahin, subalit minsan ay nagiging pilyo. Siya ay pangalawa sa tatlong magkakapatid, at mahal na mahal niya ang kanyang mga kapatid. Gustong-gusto niya ang maglaro ng basketball at hilig din niyang manood nito. Siya'y hindi makahintay sa mga laro ng San Miguel at Alaska, at siya'y lubos na nasisiyahan kapag nananalo ang Alaska. Mangga at saging ang ilan sa mga hilig niyang pagkain. Kadalasan siya ay matapang, subalit siya ay natatakot pa rin sa lindol at mga multo.*

Kaibigan, ngayon na ang iyong pagkakataon! Isulat ang iyong talata sa ibaba. Huwag kalimutang gumamit ng mga panghalip at ng mga pangatnig.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Kung tapos ka na, maaari mong ipakita ang iyong talata sa iyong *Instructional Manager/Facilitator.* Puwede mo rin itong ipakita sa isang kapamilya, kaibigan o kasama.



## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo kung paano ipakikilala ang iyong sarili sa pamamagitan ng talata. Una, kumuha ng impormasyon tungkol sa iyong sarili at sa ibang tao. Pagkatapos, ayusin ang mga impormasyon sa anyong pangungusap. Sa huli, pagdugtungin at pagsamahin ang mga pangungusap na ito upang makabuo ng isang talata.

Sa pagbuo ng isang talata, natutuhan mo kung paano gumamit ng mga panghalip at mga pangatnig upang pagdugtungin at pagsamahin ang mga pangungusap. Tandaan kung ano ang gamit ng mga ito. Ang panghalip tulad ng *siya, sila, ito* at *kami* ay ginagamit upang palitan ang mga pangngalan na madalas na inuulit sa isang talata. Ang panghalip na *at* ay ginagamit upang pagsamahin ang dalawang pangungusap.

# ARALIN 3

# Mahal kong…

Nakilala mo ang isang taong nagbabakasyon sa inyong baryo. Pagkatapos ng maikling panahong inyong pinagsamahan, kayo'y naging mabuting magkaibigan. Nang umalis ang iyong kaibigan, hiniling niyang sulatan mo siya. Ikaw nama'y sabik makipagbalitaan sa kanya kahit na malayo kayo sa isa't isa.

Sa araling ito, matututo kang:

- gumawa ng isang payak na liham pangkaibigan sa pamamagitan ng paggamit ng mga tamang salita, pangungusap at talata; at,
- tukuyin ang iba't ibang mga bahagi ng isang liham.



## Basahin Natin Ito

Sa ibaba ay isang halimbawa ng liham na ginawa ni Sarah. Gusto niyang magkaroon ng isang kaibigan sa panulat. Basahing mabuti ang kanyang liham.

*359 Lopez Jaena St.*
*Iloilo City*
*Setyembre 10, 2000*

*Mahal ___________,*

*Gusto kong makipagkaibigan sa iyo sa pamamagitan ng pagpapalitan ng sulat. Ako ay 20 taong gulang at katamtaman ang taas. Maitim ang aking buhok at kulay brown ang aking mga mata. Nakatira ako sa aking tiyahin sa lungsod ng Iloilo. Dito rin ako nagtatrabaho.*

*Tinutulungan ko ang aking tiyahin sa pagpapatakbo ng isang maliit na tindahan sa pampublikong pamilihan ng lungsod ng Iloilo. Nagsisimula akong magtrabaho mula ika-8:00 n.u. hanggang ika-5:00 n.h. at tumatanggap ng sahod ayon sa aking trabaho.*

*Ipinadadala ko sa aking mga magulang ang anumang kinikita ko mula sa trabaho. Makatutulong ito sa kanila para sa pagpapaaral ng aking mga kapatid.*

*Sana ay sagutin mo ang sulat ko at magkuwento ka rin tungkol sa iyong sarili.*

*Lubos na Sumasaiyo,*

*Sarah Mercado*

Kung ikaw ang taong pinadalahan ng liham ni Sarah, sasagutin mo ba ang kanyang liham? Oo o hindi? At bakit?



# Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Basahing muli ang liham ni Sarah. Kaya mo bang ipaliwanag kung ano ang gusto niyang ipabatid sa iyo sa bawat talata?

Ano ang layunin ng unang talata? Ng pangalawa at ng pangatlong talata?

Ating pag-aralan ang iba't ibang bahagi ng liham ni Sarah:

*359 Lopez Jaena St.*
*Iloilo City*
*Setyembre 10, 2000*

→ **Tirahan at Petsa**

*Mahal ____________,* → **Bating Panimula**

*Gusto kong makipagkaibigan sa iyo sa pamamagitan ng pagpapalitan ng sulat. Ako ay 20 taong gulang at katamtaman ang taas. Maitim ang aking buhok at kulay brown ang aking mga mata. Nakatira ako sa aking tiyahin sa lungsod ng Iloilo. Dito din ako nagtatrabaho.*

**Unang Talata:**
**Unang Pangungusap: Nakikiusap si Sarah.**
**2 hangang 5 Pangungusap: Naglalahad si Sarah ng impormasyon tungkol sa kanyang sarili.**

*Tinutulungan ko ang aking tiyahin sa pagpapatakbo ng isang maliit na tindahan ng pampublikong pamilihan ng lungsod ng Iloilo. Nagsisimula akong magtrabaho mula ika-8:00 n.u. hanggang ika-5:00 n.h. at tumatanggap ng sahod ayon sa aking trabaho. Ipinadadala ko sa aking mga magulang ang anumang kinikita ko mula sa trabaho. Makatutulong ito sa kanila para sa pagpapaaral ng aking mga kapatid.*

**Pangalawang Talata: Naglalahad pa si Sarah ng maraming bagay tungkol sa kanyang sarili.**


*Sana ay sagutin mo ang sulat ko at magkuwento ka rin tungkol sa iyong sarili.*

**Pangatlong Talata: Muling nakikiusap si Sarah tungkol sa kanyang kahilingan.**

*Lubos na Sumasaiyo,*


*Sarah Mercado*

→ **Bating Pangwakas at Lagda**



# Alamin Natin

Ito ang kaayusan o balangkas ng isang liham:



## Tandaan Natin

Magiging madali para sa iyo ang pagsulat ng liham kung tatandaan mo ang ilang simpleng hakbang. Isa-isahin ang mga ito:

**Hakbang 1**: **Isulat ang iyong tirahan**

Ang tirahan ang nagpapabatid sa bumabasa kung saan nagmula ang liham, o kung saan niya ipadadala ang tugon sa iyong liham. Maaari mong isulat ang iyong tirahan sa ganitong paraan:

| | |
|---|---|
| *Unang linya:* | *Numero ng iyong bahay at pangalan ng kalye.* |
| *Ikalawang linya:* | *Pangalan ng iyong bayan o lungsod. Kung magpapadala ka ng liham sa ibang bansa, kailangan mong isulat ang pangalan ng iyong bansa.* |

Kung iyong titingnan ang pagkaayos ng liham sa pahina 31, makikita mo na ang tirahan ay nakasulat sa itaas na bahagi, sa gawing kanan ng liham. Tingnang muli ang liham ni Sarah. Saan nakasulat ang kanyang tirahan?

**Hakbang 2**: **Isulat ang petsa**

Nakasulat ang petsa sa ibaba ng tirahan.

Ang petsa ay napakahalagang bahagi ng iyong sulat. Dito nalalaman ng bumabasa kung kailan isinulat ang liham. Isipin mong makatanggap ka ng isang liham na walang petsa? Paano mo malalaman kung kailan isinulat ang liham? Paano ka makasisiguro kung ang mga impormasyong nakasulat doon ay katulad pa rin ng dati? Malalaman mo ba kung ang liham ay isinulat noong nakaraang linggo o nakaraang taon? Hindi mo na ito malalaman pa.

Sa paglalagay mo ng petsa, maipaaalam mo sa bumabasa kung kailan ginawa ang liham. Makatutulong ito sa taong bumabasa ng iyong liham. Sa pagbasa ng petsa, mababatid niya kung ang balita ay bago o luma. Tingnan ang ayos ng liham sa pahina 31. Nakikita mo ba kung saan dapat isulat ang iyong petsa? Tingnang muli ang liham ni Sarah. Saan niya isinulat ang petsa?

**Hakbang 3**: **Isulat ang Bating Panimula**

Ang bating panimula ay isang mabuting paraan ng pagsisimula ng pakikipagtalastasan sa taong sinusulatan mo. Napakahalagang simulan ang liham sa pamamagitan ng bating panimula.

Ang bating panimula ay isinusulat malapit sa kaliwang palugit ng iyong liham. Simulan mo ang bating panimula ng salitang "Mahal" at susunod dito ang pangalan ng taong iyong sinusulatan. Kung ikaw ay sumusulat sa iyong kaibigan, ang kadalasang isinusulat ay ang kanyang palayaw. Kung ikaw ay sumusulat ng isang pormal o opisyal na liham, ang ginagamit ay ang titulo at apelyido ng taong sinusulatan. Tingnan ang mga halimbawa sa ibaba:

Liham Pangkaibigan:

*Mahal kong Sarah,*

*Mahal kong Fredo,*

*Minamahal kong Kuya Arman,*

Pormal o Opisyal na Liham:

*Minamahal na G. Reyes*

*Minamahal na Ginang,*

*Mahal na Ginoo,*

Ang mga salitang *Ginoo* at *Ginang* ay ginagamit para sa mga pormal o opisyal na liham. Ang mga ito ay mabuting gamitin kung hindi mo kilala ang taong iyong sinusulatan. Ginagamit ang mga salitang *Ginang* at *Ginoo* upang ipakita ang paggalang. Ginagamit ang tutuldok (:) sa halip ng kuwit (,) sa hulihan ng bating pambungad ng isang pormal o opisyal na liham. Tingnang muli ang liham ni Sarah. Anong bating panimula ang kanyang ginamit?

**Hakbang 4**: **Isulat ang unang talata.**

Ngayon ay maaari mo nang simulan ang iyong unang talata. Kadalasan, ang unang talata ay naglalaman ng pagbati o panimula. Dito nakasaad kung bakit ka sumulat. Kung ikaw ay sumusulat sa taong hindi mo kilala, kailangan mong maglahad ng impormasyon tungkol sa iyong sarili. Tingnan ang unang talata sa liham ni Sarah. Paano ipinaalam ni Sarah sa bumabasa ng liham ang dahilan ng kanyang pagsulat?

Natatandaan mo pa ba kung paano magsulat ng mga pangungusap upang bumuo ng isang talata? Kung nakalimutan mo na ang nabanggit na aralin, kailangan mong balik-aralan ito. Napakahalaga ang mga talata sa pagsulat ng mga liham. Handa ka na bang simulan ang iyong unang talata? Mabuti! Simulan na natin.

Sa ibaba ay isang halimbawa ng unang talata mula sa liham ni Tomas Santos sa kanyang kaibigang si Fredo. Pag-aralan itong mabuti.

> *Kumusta ka? Nagpasya akong sumulat ng liham para sa iyo matapos ng matagal nating di-pagkikita. Marami akong nais sabihin sa iyo.*

Natukoy mo ba ang layunin ng unang pangungusap? Ng ikalawa at ikatlong pangungusap?

Ganito ang karaniwang paraan ng pagsisimula ng liham. Ang unang talata ay naglalaman ng pagbati. Ito rin ang nagpapaalam sa bumabasa ng liham kung bakit ka sumulat sa kanya.

**Hakbang 5: Isulat ang ikalawang talata.**

Natapos mo nang isulat ang iyong pagbati at ang dahilan ng iyong pagsulat. Ang kasunod ay ang paglalahad ng marami pang impormasyon tungkol sa iyo. Gumagamit ng isa pang talata upang isulat ang mga impormasyong nais mong sabihin sa taong bumabasa ng liham. Kung ikaw ay sumusulat sa iyong kaibigan, maaari mong ilahad ang tungkol sa mga bagay na nangyari sa iyo simula nang huli kayong mag-usap. Maaari mo ring isulat ang tungkol sa mga bagay na nakapagpasaya o nakapagpalungkot sa iyo. Sa ikalawang talata mo sinisimulang ilahad ang iyong naramdaman o kung anong nangyari.

Ano ang napansin mo sa ikalawang talata ng liham ni Sarah? Inilahad ni Sarah ang dagdag na impormasyon tungkol sa kanyang sarili sa kanyang ikalawang talata. Inilarawan niya ang kanyang gawain sa palengke.

Sa sunod na pahina ay mayroong isang halimbawa ng ikalawang talata mula sa liham ni Tomas Santos sa kanyang kaibigang si Fredo. Pag-aralan itong mabuti.

*Huli tayong nagkita noong Hulyo 1999. Marami na ring nangyari simula noon. Ikinasal ang aking kapatid na si Carmen noong Agosto ng taon ding iyon at siya'y nagsilang ng isang sanggol na babae noong Hunyo ng taong kasalukuyan. Margarita ang pangalan ng bata at nakikipaglaro ako sa kanya araw-araw. Ang lahat ng nakakikita sa kanya ay nagsasabing malaki siya para sa kanyang edad. Sinasabi nilang mabilis siyang lumaki. Madalas nila itong sinasabi sa akin, at ang tugon ko'y malusog siyang tulad ko. Hindi na ako makapaghintay sa kanyang paglaki subalit alam kong maikling panahon na lamang bago iyon mangyari.*

Napansin mo ba kung paano nauugnay ang bawat pangungusap sa pamamagitan ng mga panghalip (*pronouns*)? Napansin mo rin ba kung paano pinagsasama ang bawat pangungusap sa pamamagitan ng paggamit ng mga pangatnig (*conjunctive words*) na *at* at *subalit*?

Kung marami ka pang nais sabihin, maaari ka pang gumamit ng iba pang talata upang magsalaysay ng iba pang paksa o impormasyon. Ito ang iyong magiging ikatlong talata.

Maaari ka pang sumulat tungkol sa maraming bagay na gusto mo, at maaari kang gumamit ng maraming talata para sa bawat paksang nais mong talakayin. Tandaan mo lamang na gumamit ng mga panghalip at pangatnig upang mapadali ang pagbasa ng iyong mga talata. Sa ganitong paraan, magiging mas kasiya-siya ang pagbabasa ng iyong liham.

**Hakbang 6**: **Isulat ang pangwakas na talata.**

Ang pangwakas na talata ay yaong isinusulat sa pagtatapos ng iyong liham. Ito ang iyong huling talata na dapat mong isulat. Sa pangwakas na talata, maaari mong hilingin sa taong bumabasa ng iyong liham na tumugon sa pamamagitan ng pagsulat sa iyo. Maaari mo ring ipaabot ang iyong mabuting hangarin para sa kanya bago mo tapusin ang iyong liham. Balikan nating muli ang liham ni Sarah. Mahahanap mo ba ang kanyang pangwakas na talata?

Ito ay isa pang halimbawa ng pangwakas na talata mula sa liham ni Tomas Santos sa kanyang kaibigang si Fredo. Pag-aralan itong mabuti.

> *Sana ay nasiyahan ka sa pagbabasa ng aking liham. Nais kong malaman kung ano na ang nangyari sa iyo mula nang huli tayong magkita. Sana'y sumulat ka rin sa akin. Sabik na akong makabalita mula sa iyo. Maari mo akong sulatan sa aking tirahang nakasulat sa itaas. Nawa'y palagi kang pagpalain ng Maykapal.*

Natukoy mo ba kung alin sa mga bahagi ng talata ang humihiling sa bumabasa na tugunan ang liham? Aling pangungusap ang nagsasaad ng mabuting hangarin?

Laging tatandaan kung papaano ang pagsulat ng talata upang maging madaling basahin ito. Magiging malaking tulong ito para sa iyo kung gagawa ka ng sulat at kapag binabasa ang iyong liham ng iyong sinusulatan.

**Hakbang 7**: **Isulat ang wakas o bating pangwakas.**

Maraming paraan ang pagwawakas ng liham. Kung ikaw ay sumusulat sa iyong kaibigan, maaari mong gamitin ang: *Lubos na sumasaiyo, Sumasaiyo, o Gumagalang sa iyo*. Maaari din namang *Nagmamahal,* kung ang sinusulatan mo ay ang malapit o matalik na kaibigan.

Ilagay ang iyong bating pangwakas malapit sa kanang palugit sa ilalim ng iyong huling talata.

Tingnan ang liham ni Sarah. Anong uri ng bating pangwakas ang ginamit niya?

**Hakbang 8**: **Lagdaan ang liham.**

Isa sa mga bagay na iniisip mo kapag nakatatanggap ka ng liham ay*: sinong nagpadala nito?* Ang lagda ay mahalaga sapagkat ito ang magsasabi sa iyo kung sino ang sumulat ng liham. Inilalagda mo ang iyong pangalan sa ilalim ng bating pangwakas. Tingnang muli ang liham ni Sarah. Nilagdaan ba niya ang kanyang liham? Ipagpalagay mong nakatanggap ka ng liham na walang lagda. Paano mo malalaman kung sino ang sumulat nito?

Ngayon, pagsama-samahin natin ang lahat ng mga hakbang at buuin ang liham ni Tomas Santos sa kanyang kaibigang si Fredo Lirio. Si Tomas ay nakatira sa Lungsod ng Marawi.

*35 Sultan Alonto St.,*
*Marawi City*
*Setyembre 20, 2000*

*Mahal kong Fredo,*

*Kumusta ka? Nagpasya akong sumulat ng liham para sa iyo matapos ng matagal nating di-pagkikita. Marami akong nais sabihin sa iyo.*

*Huli tayong nagkita noong Hulyo 1999. Marami na ring nangyari simula noon. Ikinasal ang aking kapatid na si Carmen noong Agosto ng taon ding iyon at siya'y nagsilang ng isang sanggol na babae noong Hunyo ng taong kasalukuyan. Margarita ang pangalan ng bata at nakikipaglaro ako sa kanya araw-araw. Ang lahat ng nakakikita sa kanya ay nagsasabing malaki siya para sa kanyang edad. Sinasabi rin nilang mabilis siyang lumaki. Madalas nila itong sinasabi sa akin, at ang tugon ko'y malusog siyang tulad ko. Hindi na ako makapaghintay sa kanyang paglaki subalit alam kong maikling panahon na lamang bago iyon mangyari.*

*Sana ay nasiyahan ka sa pagbabasa ng aking liham. Nais kong malaman kung ano na ang nangyari sa iyo mula nang huli tayong magkita. Sana'y sumulat ka rin sa akin. Sabik na akong makabalita mula sa iyo. Maari mo akong sulatan sa aking tirahang nakasulat sa itaas. Nawa'y palagi kang pagpalain ng Maykapal.*

*Sumasaiyo,*

*Tomas Santos*

Kailangan mong balik-aralan ang bawat hakbang sa pagsusulat ng liham. Subukan mong tukuyin ang bawat bahagi sa liham nina Sarah at Tomas.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Basahing muli ang liham ni Sarah. Ipalagay na gusto mo siyang maging kaibigan sa panulat. Gumawa ka ng sagot sa kanyang liham. Huwag mong kalimutang ibahagi ang mga impormasyon patungkol sa iyong sarili.

B. Gumawa ng isang liham sa isang kamag-anak na nakatira sa ibang lungsod, baryo, lalawigan, o kahit pa sa ibang bansa. Pwede mong ilahad sa taong ito ang mga bagay-bagay na nangyayari sa inyong pamayanan at sa iyong mag-anak. Himukin mo ang taong ito na sagutin ang iyong liham.

Kapag tapos ka na, hilingin sa inyong *Instructional Manager or Facilitator* na basahin ang iyong liham. Maaari mo rin itong ihambing sa mga halimbawang liham sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 50–53.

## Tandaan Natin

Sa araling ito ay natutuhan mo kung paano matukoy ang iba't ibang bahagi ng isang liham. Natutuhan mo rin kung paano sumulat ng isang payak na liham pangkaibigan sa pamamagitan ng pinag-ugnay na mga pangungusap at mga talata.

Kung kaya mong sumulat ng liham, magagawa mong maging malapit sa iyong mga kaibigan na nakatira sa ibang lugar. Sa ngayon, inaasahang pamilyar ka na sa balangkas ng isang liham. Inaasahan ding kaya mo nang magsulat ng isang liham para sa iyong kaibigan.

Natatandaan mo ba ang balangkas ng isang liham? Ito ay binubuo ng sumusunod na bahagi:

a. Tirahan at Petsa

b. Bating Panimula

c. Katawan ng Liham

d. Bating Pangwakas

e. Lagda

Natatandaan mo ba ang walong hakbang sa pagsulat ng liham? Narito ang mga ito upang mabalik-aralan mo.

Hakbang 1: Isulat ang iyong tirahan.

Hakbang 2: Isulat ang petsa.

Hakbang 3: Isulat ang bating panimula.

Hakbang 4: Isulat ang unang talata.

Hakbang 5: Isulat ang pangalawang talata.

Hakbang 6: Isulat ang huling talata.

Hakbang 7: Isulat ang bating pangwakas.

Hakbang 8: Lagdaan o pirmahan ang liham.

Handa ka na bang makipagsulatan sa iyong mga kaibigan? Ngayon ay makasusulat ka ng liham para sa kanila araw-araw!



## Ibuod Natin

Sa modyul na ito ay natutuhan mo kung paano sumulat ng maikli at malinaw na mensahe. Natutuhan mo rin na ipakilala ang iyong sarili sa pamamagitan ng isang talata at pagsulat ng liham.

Sa pagsulat ng maikling mensahe ay laging tandaan na ito'y dapat sumagot sa mga katanungang *sino, ano, kailan* at *saan*. Dapat rin itong sumagot sa mga tanong na *para kanino* at *mula kanino*. Tandaang dapat mong ibigay ang lahat ng kinakailangang impormasyon sa magbabasa ng mensahe.

Sa pagsusulat ng mga talata, maaari kang gumamit ng mga *panghalip at mga pagatnig*. Ang mga halimbawa ng *panghalip* ay *ako, ikaw, siya, ito, kami, tayo, sila* at *kayo*. Ang *at* at *ngunit* naman ay mga halimbawa ng pangatnig.

Ang mga panghalip at mga pangatnig ay maaaring gamitin kung nais mong pag-ugnayin o pagsamahin ang mga pangungusap. Ang panghalip ay ginagamit na pamalit sa pangngalang madalas na inuulit upang hindi na ito kailangang isulat nang paulit-ulit. Kung ang dalawang pangungusap ay patungkol sa magkatulad na paksa, maaari mong pagsamahin ang mga ito sa isang pangungusap sa pamamagitan ng paggamit ng mga pangatnig. Maaari mo nang tanggalin ang pangngalan sa pangalawang pangungusap.

Kung sumusulat ng mga liham, mahalagang sumunod sa tamang kaayusan o balangkas ng isang liham. Ipinakita sa iyo ang tamang balangkas ng isang liham sa Aralin 3, at ipinakita rin sa iyo ang iba't-ibang mga bahagi ng liham. Natutuhan mo rin ang mga hakbang sa pagbuo ng isang sulat na makatutulong sa iyo sa tuwing susulat ka ng liham sa isang tao.

Ngayong alam na alam mo na ang ganitong kasanayan, lagi mo ng gagamitin ang mga ito. Sa madalas na paggamit nito, mapauunlad mo ang iyong mga pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Makakaya mong magbigay ng mga mahahalaga at tamang impormasyon kung kailangan nila. Magagawa mo pa ring maging malapit sa iyong mga kaibigang nakatira sa ibang lugar at maaari ring makakilala ng iba pa.




## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong sagot sa mga nakalaang patlang:

A. Ikaw ay inatasang gumawa ng isang mensahe. Para makasiguro na malinaw ang mensahe, anu-ano ang mga katanungang dapat mong sagutin?

1. ________________________________________________
2. ________________________________________________
3. ________________________________________________
4. ________________________________________________
5. ________________________________________________
6. ________________________________________________

B. Makikipagkita ka sa iyong kaibigan. Hindi siya nakarating at nagpasya kang umalis.

Sumulat ng mensahe para sa iyong kaibigan. Sabihan mo siya na kailangan n'yong magkausap sa telepono upang itakda ang inyong muling pagkikita.

| |
|---|
| ______________ |
| _______________ |
| ____________________________________________ |
| ______________________________________________ |
| ______________________________________________ |
| ______________________________________________ |
| ______________________________________________ |
| _______________ |

C. Buuin ang sumusunod na pangungusap sa pamamagitan ng pagbilog ng mga tamang salita sa loob ng panaklong.

1. Maagang pumapasok sa trabaho ang mga manggagawa. (Siya, Sila) ay masisipag.
2. Si Emilio Aguinaldo ay ang unang pangulo ng Pilipinas. (Siya, Sila) ay gumawa ng mga mahahalagang kapasyahan ukol sa bansa.
3. Nakatanggap si Lisa ng bagong laruan. Iniingatan (niya, nila) ang laruang iyon.
4. Papasok sa paaralan ang mga bata. Maaga (silang, itong) nag-aayos ng kanilang sarili upang (umalis, pumunta) sa paaralan.
5. Masayang-masaya si Risa na makita ang kanyang ama. Sinalubong (niya, nila) ang ama sa pintuan (upang, dahil) batiin siya.

D. Subukang hanapin ang tirahan ng isang dating kaibigan na ngayon ay nakatira na sa ibang lungsod o baryo. Gulatin mo ang iyong kaibigan sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham. Sa liham, sabihin mo sa iyong kaibigan na ipinagpapatuloy mo ang iyong pag-aaral sa pamamagitan nitong programa ng *Nonformal Education Accreditation & Equivalency (NFE A & E)*. Ipaliwanag mo sa kanya ang mga dahilan kung bakit ka sumali sa naturang programa at ang mga bagong bagay na iyong natutuhan. Hilingin sa kanya na sagutin ang iyong liham.

   Maaari mong ihambing ang iyong liham sa halimbawang liham sa pahina 53. Kung nais mo, maaari mo ring ipakita ang iyong liham sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, kaibigan o kamag-anak para dagdag na pagtingin o puna.

Natapos mo na bang sagutin ang lahat ng mga aytem? Kung tapos na, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 52–54.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 3–7)*

A. Maaari mong ipakita ang iyong mga sagot sa iyong Instructional Manager at sa iyong pamilya, kaibigan o mga kasamahan. Ang mga posibleng kasagutan ay:

1. Dito namin isinasagawa ang mga pagpupulong.
2. Inaalagaan niya kami kapag kami ay may sakit.
3. Tuwing Linggo, ginugugol namin ang araw nang magkakasama.
4. Ito ang aming bukid. Nagtatanim kami sa simula ng panahon ng pagtatanim.
5. Nagpupunta kami rito kung kami ay may sakit.

B. 1. Ang mga, Sila
2. ang kalabaw; pumasok; ang mga batang lalaki
3. Sila; upang; umalis
4. kanilang
5. silang

C. Ang iyong maikling liham ay nararapat na kahalintulad nito:

*21 Quezon Ave.*
*Porac, Botolan, Zambales*
*Setyembre 18, 2000*

*Gng. Elvie Manimbo*
*Baitang V Seksyon 3*
*Mababang Paaralan ng Porac*
*Porac, Botolan, Zambales*

*Minamahal na Gng. Manimbo,*

*Ipagpaumanhin po ninyo na ang pagliban sa klase ng aking anak na si Jose Reyes, Jr. kahapon. Sumakit ang kanyang tiyan at hindi mabuti ang kanyang pakiramdam.*

*Gumagalang sa inyo,*

*(isulat ang iyong lagda dito)*

D. Heto ang isang halimbawa ng liham na isinulat para sa isang kaibigan. Ang iyong liham ay inaasahang tulad nito:

*35 Sultan Alonto St.,*
*Marawi City*
*Setyembre 20, 2000*

**Tirahan at Petsa**

*Mahal kong Fredo,*

**Bating Panimula**

*Kumusta ka! Nagpasya akong sumulat ng liham para sa iyo matapos ang matagal nating di-pagkikita. Maraming akong nais sabihin sa iyo.*

**Unang Talata**

*Huli tayong nagkita noong Hulyo 1999. Marami na ring nangyari mula noon. Ikinasal ang aking kapatid na si Carmen noong Agosto ng taon ding iyon at siya'y nagsilang ng isang sanggol na babae noong Hunyo ng taong kasalukuyan. Margarita ang pangalan ng bata at nakikipaglaro ako sa kanya araw-araw. Ang lahat ng nakakikita sa kanya ay nagsasabing malaki siya para sa kanyang edad. Sinasabi rin nilang mabilis siyang lumaki. Madalas nila itong sinasabi sa akin, at ang tugon ko'y malusog siyang tulad ko. Hindi na ako makapaghintay sa kanyang paglaki subalit alam kong maikling panahon na lamang bago iyon mangyari.*

**Ikalawang Talata**

*Sana ay nasiyahan ka sa pagbabasa ng aking liham. Nais kong malaman kung ano na ang nangyari sa iyo mula nang huli tayong magkita. Sana'y sumulat ka rin sa akin. Sabik na akong makabalita mula sa iyo. Maari mo akong sulatan sa aking tirahang nakasulat sa itaas. Nawa'y palagi kang pagpalain ng Maykapal.*

**Ikatlong Talata**

*Sumasaiyo,*

**Bating Pangwakas**

*Tomas Santos*

**Lagda**

Maaari mong ring ipakita ang iyong liham sa iyong *Instructional Manager/Facilitator*, sa kaibigan o sa kapamilya para sa dagdag na puna o kuru-kuro.

## B. Aralin 1

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 13–15)*

A. 1. Pepe

2. Si Pepe ay nahulog mula sa upuan at dumudugo ang kanyang ulo.

3. Ika-4:30 ng hapon. Kung ang pangyayari ay naganap na, maaari mo nang sagutin ang tanong na *kailan* sa pagtingin ng oras na nakasulat sa mensahe.

4. sa pagamutan sa Capitol General Hospital

5. Nanay

6. Susan

7. Tatlo

8. Oo, ang mensahe ay malinaw sapagkat ito'y sumasagot sa 6 na katanungan at nagbibigay sa magbabasa ng lahat ng kailangang impormasyon.

B. Maaari mong ipakita ang iyong mensahe sa Instructional Manager. Maaari mo ring ihambing ang iyong ginawa sa mensaheng nasa ibaba. Ang iyong mensahe ay inaasahang tulad nito:

> *Ika-10:00 n.u.*
>
> *Nestor,*
>
> *Dadaan ako sa bahay ninyo bago sumapit ang ika-3:00 ng hapon ngayong araw na ito upang sabay na tayong pumunta sa pagdiriwang ni Fely.*
>
> *(iyong pangalan)*

Malinaw ang mensahe sapagkat sumasagot ito sa sumusunod na tanong:

1. Sino/Sinu-sino ang paksa ng mensahe? Ikaw. (Ako)

2. Ano ang mangyayari? Dadaanan mo si Nestor upang sabay na kayong pumunta sa pagdiriwang ng kaarawan ni Fely.

3. Kailan ito mangyayari? Bago sumapit ang ika-3:00 ng hapon.

4. Saan ito magaganap? Pupunta ka sa bahay ni Nestor, pagkatapos ay sabay na kayong pupunta sa pagdiriwang ng kaarawan ni Fely.

*Subukan Natin Ito (pp. 16–18)*

A. Maaari mong ipakita ang iyong sagot sa Instructional Manager. Maaari mong ihambing ang iyong kasagutan sa halimbawang mensahe sa ibaba:

*Ika-1:50 n.h.*

*Mahal kong Kuya Jose,*

*Hiniram ko ang bisikleta mo upang pumunta sa pulong ng barangay ngayong hapon. Sana'y hindi mo ito ikagalit.*

*(iyong pangalan)*

Malinaw ang mensahe sapagkat sumasagot ito sa sumusunod na tanong:

1. Sino/Sinu-sino ang paksa ng mensahe? Ikaw. (Hiniram ko)

2. Anong nangyari? Hiniram ko ang bisikleta ni Kuya Jose.

3. Kailan ito nangyari? Ngayong hapon.

4. Saan ka pumunta? Ikaw ay pumunta sa pulong ng barangay.

5. Para kanino ang mensahe? Para kay Kuya Jose.

6. Mula kanino ang mensahe? Mula sa iyo.

B. Maaari mong ipakita ang iyong sagot sa Instructional Manager. Maaari mo ring ihambing ang iyong kasagutan sa halimbawang mensahe sa ibaba:

*Nobyembre 10, 2000*

*Mahal kong Edna,*

*Makikipagkita ako sa'yo pagkatapos ng pulong ng barangay ngayong gabi. Sabay na tayong maglalakad pauwi.*

*(iyong pangalan)*

Malinaw ang mensahe sapagkat sumasagot ito sa sumusunod na tanong:

1. Sino/Sinu-sino ang paksa ng mensahe? Ikaw. (Makikipagkita ako)
2. Anong mangyayari? Makikipagkita ka kay Edna at sabay na kayong maglalakad pauwi.
3. Kailan ito mangyayari? Pagkatapos ng pulong ng barangay.
4. Saan kayo magtatagpo? Kung saan magaganap ang pulong.
5. Para kanino ang mensahe? Para kay Edna.
6. Mula kanino ang mensahe? Mula sa iyo.

## C. Aralin 2

*Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pp. 21–22)*

A. Nawawalang impormasyon mula sa I.D.

Pangalan: Rodrigo B. Badayos

Propesyon: dalubhasa sa lupa

Bilang ng Anak: 3

B. Nawawalang impormasyon mula sa mga pangungusap.

2. 5 talampakan at 7pulgada (5’7”)
3. 53 taong gulang (kung ang taong kasalukuyan ay taong 2001)
4. itim
5. Los Banos, Laguna
6. may asawa

*Alamin Natin (pp. 22–26)*

A. Paggamit ng Panghalip:

a. Si Mang Jose ay isang kartero. Siya ay 40 taong gulang.
b. Si Lita ay mula sa Pampanga. Siya ay 14 na taong gulang.
c. Si Aling Maria ay asawa ng magsasaka. Siya ay nakatira sa Davao.

B. Paggamit ng Pangatnig:

a. Si Gng. Rosa Cruz ay isang guro at may dalawang anak.
b. Si Pina ay matulungin at masipag.
c. Si Israel ay 35 taong gulang at may taas na 5 talampakan at 7 pulgada.

## D. Aralin 3

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 39)*

Makikita sa susunod na pahina ang halimbawang liham para kay Sarah Mercado. Pag-aralan itong mabuti.

Tingnan ang iba't ibang bahagi ng liham: ang petsa at tirahan, ang bating panimula, ang iba't ibang talata sa katawan ng liham, ang bating pangwakas at ang lagda. Tiyaking ang iyong liham ay naglalaman ng mahahalagang bahagi.

*27 Sampaguita St.*
*General Santos City*
*Setyembre 14, 2000*

**Tirahan at Petsa**

*Mahal kong Sarah,* → **Bating Panimula**

*Masaya akong makakilala ng bagong kaibigan! Sinagot ko ang iyong sulat para makilala mo rin ako.*

**Unang Talata**

*Ako ay 22 taong gulang, ngunit magiging 23 na ako sa Setyembre 18, apat na araw mula ngayon. Gustong gusto ko nang dumating ang araw na ito. Ako ay may taas na 5'3", itim ang aking buhok at kulay brown ang aking mga mata. Padadalhan kita ng aking larawan sa lalong madaling panahon para makita mo ang aking hitsura.*

**Pangalawang Talata**

*Nagtatrabaho ako bilang kahera sa isang pamilihan. Mahirap ang trabaho ngunit kumikita ako nang sapat upang matulungan din ang aking pamilya. Mukhang magkatulad tayo sa maraming bagay.*

**Pangatlong Talata**

*Sana ay magpatuloy ka ng pagsulat sa akin. Sasagutin ko ang iyong mga liham. Isang araw, inaasahan kong magkikita rin tayo. Pagpalain ka nawa ng Maykapal.*

**Panghuling Talata**

*Lubos na sumasaiyo,* → **Bating Pangwakas**

*Trining Sta. Maria* → **Lagda**

Sa ibaba ay isang halimbawa ng liham para sa kapamilya na nasa ibang lugar:

*33 Mabini St.*
*Brgy. San Marcelino,*
*Zambales, Philippines*
*Agosto 22, ______*

**Tirahan at Petsa**

*Mahal kong Kuya Bobby,*

**Bating Panimula**

*Kumusta? Sumulat ako sa iyo upang balitaan ka tungkol sa mga nangyayari sa ating mag-anak. Gayun din naman, nais kong malaman kung kumusta ka diyan sa Riyadh.*

**Unang Talata**

*Nagkasundo si Tatay at ang iba pang kasapi ng kooperatiba na sumunod sa bagong pamamaraan ng pagtatanim. Nakipag-usap sila sa mga dalubhasa sa agrikultura, at natukoy nila ang pinakamabuting kombinasyon ng mga pananim para sa ating bukid. Sabik ang lahat at inaasahan nilang magdudulot ng malaking karagdagan sa ani ang bagong pamamaraan ng pagtatanim.*

**Pangalawang Talata**

*Mabuti naman ang kalagayan ni Nanay. Palagi ka niyang binabanggit sa mga kapitbahay. Ipinagkakapuri ka niya. Lubos din siyang nagpapasalamat na tumutulong ka sa pagpapaaral sa amin. Gusto niyang magpatayo ng maliit na tindahan mula sa perang iyong ipinadadala.*

**Pangatlong Talata**

*Malapit nang makatapos sa kanyang pag-aaral si Ate Linda. Nagbabalak siyang kumuha ng ilang kurso sa pagsasanay sa computer. Nag-aaral siya nang mabuti at palagay ko'y magtatapos siyang may karangalan. Hindi na rin ako makahintay na makatuntong sa kolehiyo – nais ko ding kumuha ng computer science tulad ni Ate Linda.*

**Pang-apat na Talata**

*Kumusta ka na diyan sa Riyadh? Napakainit ba ng panahon?Sabik na akong malaman ang maraming bagay tungkol sa lugar na iyong kinaroroonan. Maaari mo bang isulat sa akin ang tungkol diyan? Gusto kong maglakbay sa iba't ibang lugar kapag ako'y tumanda. Naiisip kong ang Riyadh ay isa sa mga lugar na aking mapuntahan.*

**Panglimang Talata**

*Iyan lamang ang mga balitang nais kong sabihin sa iyo. Sumulat ka din sana upang balitaan kami sa iyong kalagayan. Ang Inay at ang Tatay ay palaging sabik na makabalita mula sa iyo.*

**Panghuling Talata**

*Nagmamahal,*

**Bating Pangwakas**

*Pina*

**Lagda**

Marahil ang iyong liham ay naiiba nang kaunti, ngunit ang mahalaga ay nilalaman nito ang mga mahahalagang bahagi ng liham na tinalakay natin sa aralin.

## E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 41–43)*

A. 1. Sino?

2. Ano?

3. Kailan?

4. Saan?

5. Para Kanino?

6. Mula Kanino?

B. Narito ang halimbawa ng liham na maaari mong paghambingan ng iyong liham:

> *Setyembre 12, 2000*
>
> *Mahal kong Kaibigan,*
>
> *Hindi na ako makapaghihintay pa sa iyo nang matagal dahil kailangan pa akong magpunta sa ibang lugar. Maaari tayong mag-usap sa telepono sa ganap na ika-7:00 ng gabi upang itakda ang muli nating pagkikita.*
>
> *(iyong pangalan)*

C. 1. Sila

2. Siya

3. niya

4. silang; pumunta

5. niya; upang

D. Narito ang isang halimbawa ng liham na maaari mong paghambingan ng ginawa mong liham.

| Liham | |
|---|---|
| *41 Rizal Avenue*<br>*Calamba, Laguna*<br>*Setyembre 22, 2000* | **Tirahan at Petsa** |
| *Mahal kong Jun,* | **Bating Panimula** |
| *Kumusta? Matagal na rin akong hindi nakababalita mula sa iyo. Sumulat ako upang kumustahin ka. Matagal-tagal na ding panahon ang nakaraan mula nang huli tayong mag-usap at sabik na akong malaman kung ano na ang nangyayari sa iyo.* | **Unang Talata** |
| *Muli akong mag-aaral matapos ang mahabang panahon. Kasalukuyan akong nakikilahok sa programa ng NFE A&E sa aming pamayanan. Kung matagumpay kong matatapos ang programa, makakukuha ako ng katunayan na maaari kong magamit sa pagpasok sa vocational training program o kurso sa pagkakarpintero (carpentry course). Malaki ang kaibahan ng programa sa pormal na paaralan. Mag-isa naming pinag-aaralan ang modyul. Ang mga modyul ay naglalaman ng iba't ibang gawain, pagsasanay, katanungan, pagsubok at kasagutan. Mayroon din kaming Instructional Manager na tumutulong sa amin kung may suliranin kami sa pag-unawa ng mga modyul. Natuto na ako ng mga bagong bagay, kasama na rito ang pagsulat ng liham.* | **Pangalawang Talata** |
| *Naririto pa rin ang ating kababatang si Jerry, subalit si Alfred ay nakakuha na ng trabaho sa konstruksiyon sa Cavite. Si Jerry ay may balak na pumasok ng trabaho bilang seaman, subalit kailangan niyang mag-ipon ng kaunti pang pera.* | **Pangatlong Talata** |
| *Nag-iisip ako kung kumusta ka na. Matagal-tagal na rin nang huli tayong magkita. Sigurado akong nagulat ka nang matanggap mo ang liham mula sa akin. Sana'y makasulat ka rin sa akin upang patuloy tayong makapagbalitaan.* | **Panghuling Talata** |
| *Sumasaiyo,* | **Bating Pangwakas** |
| *Berling Santos* | **Lagda** |

Natatandaan mo ba ang balangkas ng isang liham? Ito ay binubuo ng sumusunod na bahagi:

a. Tirahan at Petsa

b. Bating Panimula

c. Katawan ng Liham

d. Bating Pangwakas

e. Lagda

Natatandaan mo ba ang mga hakbang sa pagsulat ng liham? Ang walong hakbang sa pagsulat ng liham ay ang sumusunod:

Hakbang 1: Isulat ang iyong tirahan.

Hakbang 2: Isulat ang petsa.

Hakbang 3: Isulat ang bating panimula.


Hakbang 4: Isulat ang unang talata.

Hakbang 5: Isulat ang pangalawang talata.

Hakbang 6: Isulat ang huling talata.

Hakbang 7: Isulat ang bating pangwakas.

Hakbang 8: Lagdaan o pirmahan ang liham.



## Sanggunian

Campbell, D.S. & Meier, T.R. (1987). *Easy Writer II: Basic Sentence Combining and Comprehensive Skills*. New York, Harper and Row.